



Republika ng Pilipinas  
Lalawigan ng Bulakan  
Lungsod ng Malolos

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-18 NG ENERO, 2021.

MGA DUMALO:

KGG. NOEL G. PINEDA

Pang. Punong Lungsod  
Tagapangulo  
Kasangguni

KGG. FRANCISCO J. CASTRO  
KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA  
KGG. KIRK LOUIS NICOLAS  
KGG. MICHAEL M. AQUINO  
KGG. ENRICO C. CAPULE  
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO  
KGG. EDGARDO F. DOMINGO  
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO  
KGG. DIONISIO C. MENDOZA  
KGG. PATRICK S. DELA CRUZ

ABC President  
SK President

HINDI NAKADALO:

KGG. EMMANUEL R. SACAY  
KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA

Kasangguni (Nakabakasyon)

### KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG 09-2021

ISANG KAPASIYAHAN NA NAGPAPAHAYAG NG TAOS-PUSONG PAKIKIRAMAY ANG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS SA PANGUNGUNA NG PUNONG LUNGSOD - KGG. GILBERT T. GATCHALIAN AT ANG BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD SA PANGUNGUNA NG PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD - KGG. NOEL G. PINEDA SA NAULILANG PAMILYA AT MGA KAAKANG NG YUMAONG SI KGG. TOMAS M. TAPANG, DATING PUNONG BARANGAY NG SAN JUAN, LUNGSOD NG MALOLOS.

ITINAGUYOD NI: KGG. ENRICO C. CAPULE

AKDA NINA: KGG. NOEL G. PINEDA, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. ENRICO C. CAPULE, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KGG. DIONISIO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ

**SAPAGKAT**, si Kgg. Tomas M. Tapang, dating Punong Barangay ng San Juan, Lungsod ng Malolos ay sumakabilang buhay noong ika-14 ng Enero, 2021;

**SAPAGKAT**, ang kanyang pagyao ay malaking kawalan, hindi lamang sa kanyang pamilya, mga kaanak, ngunit pati na rin sa mga mamamayan ng Barangay San Juan;

**SAPAGKAT**, siya ay nagtala ng paglilingkurang publiko nang siya ay naging bahagi ng Sangguniang Barangay ng San Juan bilang Punong Barangay mula 2004 hanggang 2007;

**SAPAGKAT**, bilang Punong Barangay ay naipagkaloob niya ang isang wagas, tapat at dalisay na panunungkulan sa Barangay San Juan upang maisaayos at maitaas ang antas ng pamumuhay at katatayuan ng kanyang mga kabarangay;

**SAPAGKAT**, bilang bumubuo ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos ay marapat nating iparamdam at ipahayag ang ating marubdob na pakikiramay at pag-alaala sa isang lingkod madla na nagkintal at nagparamdam ng makabuluhan at dakilang serbisyo publiko;

Dahil dito, sa pamamagitan ng kahilingan ni **Kgg. Enrico C. Capule**, na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINASIYA**, gaya ng dito ay ginawang pagpapasiya, na ipinahahayag ang marubdob na pakikiramay at pakikidalamhati ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos sa pangunguna ng Punong Lungsod - Kgg. Gilbert T. Gatchalian at ng bumubuo ng Sangguniang Panlungsod sa pangunguna ng Pangalawang Punong Lungsod - Kgg. Noel G. Pineda, sa naulilang pamilya at mga kaanak ng yumaong si Kgg. Tomas M. Tapang, dating Punong Barangay ng San Juan, Lungsod ng Malolos.

PINAGTIBAY.

KGG. FRANCISCO J. CASTRO  
KASANGGUNI


KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA  
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS  
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO  
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE  
KASANGGUNI

KGG. NOEL G. PINEDA  
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD


  
KGG. FRANCISCO J. CASTRO  
KASANGGUNI


  
KGG. KIRK LOUIS NICOLAS  
KASANGGUNI


  
KGG. ENRICO C. CAPULE  
KASANGGUNI

\*KGG. EMMANUEL R. SACAY  
KASANGGUNI

\*KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA  
KASANGGUNI

  
KGG. DIONISIO C. MENDOZA  
KASANGGUNI - ABC President

  
KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA  
KASANGGUNI

  
KGG. MICHAEL M. AQUINO  
KASANGGUNI


KGG. DENNIS D. SAN DIEGO  
KASANGGUNI

  
KGG. EDGARDO F. DOMINGO  
KASANGGUNI

  
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO  
KASANGGUNI

  
KGG. PATRICK S. DELA CRUZ  
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

  
CRISTINA B. GUTIERREZ, EnP  
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

PINATUTUNAYAN:

KGG. NOEL G. PINEDA  
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

\*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)\*01192021